

## MGA ALITUNTUNIN at KASUNDUAN

### 1. Mga Magulang at kanilang Tungkulin

- **Obligasyon** nilang papag-aralin ang kanilang mga anak.
- Obligasyon nilang **pag-ibayuhin ang kanilang interes** sa pag-papaaral sa kanilang mga anak at **suportahan** sila **sa abot ng kanilang makakaya**.
- Sila ay dapat na **aktibong** makilahok sa mga pagpupulong (meeting) ng lahat ng mga magulang.

### Kasunduan:

Ang pagliban ng tatlong (3) beses sa pagpupulong (meeting) ng mga magulang, ng walang mabigat na dahilan ay tatanggap ng **WARNING** mula sa mga brothers.

Sa pang-apat (4) na beses na pagliban sa meeting ng mga magulang ng walang mabigat na dahilan ay **tatanggalin na ang lahat ng supporta** sa estudyante upang ibigay sa ibang mas interesado at karapat-dapat na tulungan.

(the brothers in the respective groups will follow up the parents and will be the one to decide on the situation of the family and the reasons for absences before giving the final decision to terminate the support from the student.)

4. Mas malaki ang responsibilidad ng mga magulang sa kanilang mga anak kaysa sa mga Fathers at brothers. Ang mga *Fathers at brothers ay nandyan lamang upang umalalay* sa mga magulang sa paghubog ng kanilang mga anak . Ang

**hindi pagsuporta ng mga magulang**

sa kanilang mga anak ay nangangahulugan din ng paghinto ng suporta ng mga brothers sa mga estudyante kung wala silang interes dito.

5. Tungkulin nilang ipaalam sa mga Father at brothers ang mga kakailanganin ng kanilang mga anak sa paaralan bago magsimula ang pasukan. Isusulat ito sa isang papel kasama ang pangalan ng estudyante na may lagda ng magulang.

### Paano ba ang Distribusyon ng suporta

1. Sasagutin ng SHEC ang buong **tuition fee** ng mga estudyante (100%).
2. Naglaan din ng **buwanang allowance** (P240.00) para sa estudyante na *makukuha nila kada linggo*.
3. Ang mga gamit pang-eskwela **sa simula ng pasukan lamang** ang sasagutin ng SHEC. May nakalaang (P200.00) kada estudyante para sa mga pangangailangang ito.
4. Ang mga libro, uniporme at iba pang mga proyekto sa eskwelahan ay **sasagutin ng mga magulang**.
5. Sa isang taon, ang isang estudyante ay mayroong nakalaang P3,500.00 para sa kanilang mga gastusin sa eskwelahan.
6. Magpapasa ng **opisyal na resibo o voucher** sa mga brothers sa anumang finansyal na transaksyon. Magbibigay ang mga brothers ng mga *vouchers* upang sulatan ng mga transaksyon at gastusin ng bata. (the brothers need to check somehow if these said materials were actually purchased)

6. Tungkulin nilang **magbigay ng kanilang mga obserbasyon sa mga brothers** tungkol sa sitwasyon ng kanilang mga anak, sa kanilang pag-uugali sa loob at labas ng bahay para sa makabuluhang follow-up sa paglago ng mga bata. (home visitation)

a. Sa pagkakatong ding ito ay **makakasama nila ang mga guro (advisers)** sa pagsusuri sa kanilang mga anak tungkol sa pag-uugali at performance nito sa eskwelahan. (Letter to Class Advisers). Magpapasa ang mga guro sa mga brothers ng kanilang mga obserbasyon sa mga estudyante kasama ang grado ng mga bata kada grading period.

7. Gampanan ang kanilang **spiritual na obligasyon sa Diyos** at magsumikap na maging mabuting halimbawa sa kanilang mga anak.

### 1. Mga Estudyante at kanilang Tungkulin

#### Orientation:

Ang bawat estudyante ay may **kakayahang** magtagumpay at marating ang kanilang mga pangarap sa pamamagitan ng pagsusumikap na mag-aaral ng mabuti. Ang pagpili sa mga batang estudyante ay sa kadahilanang naniniwala ang mga tagapagtaguyod ng Ka-ugnayan-EAP sa kakayanan at abilidad ng mga estudyante na patunayan sa kanilang mga sarili at sa iba na kaya nilang magsumikap na maabot ang kanilang mga pangarap sa buhay.

#### Upang maisakatuparan ang mga ito ay tungkulin nilang:

- Mag-aral araw- araw.
- Maglaan ng sapat na oras ( minimum 1 oras) sa isang araw upang gamitin nila sa kanilang pagre-review, pagbabasa at paggagawa ng kanilang mga asignatura at proyekto.
- Sikaping maipasa ang lahat ng kanilang subjects.
- Kung sakaling magkakaroon ng dalawang bagsak na grado sa anumang subject sa loob ng isang grading period ay malalagay sila sa **PROBATION STATUS** kung saan binibigyan sila ng pagkakataong mabawi o maipasa ang mga bagsak na grado sa susunod na grading period.
- Kung lalampas naman sa dalawa ang mga bagsak na grado sa isang grading period ay **baba**

### **wasan (DEDUCTION) ang suportang**

matatanggap nila para sa kanilang monthly allowance ng kalahating porsiyento. (50%)

(The brothers will determine the status of the family and the student before giving this sanction)

- kapag napatunayang sila ay nalululong sa mga bisyong tulad ng pag-lalasing, paninigarilyo, pagsusugal at pagbubulakbol sila ay papatawan ng karampatang disciplina:
- Sa unang pagkakataong (first offense) sila ay gumawa ng mga nasabing bisyo ay makakatanggap sila ng **warning**.
- Sa pangalawang pagkakataon (second offense) na mahuli sila sa mga nasabing bisyo ay tatanggalin (**terminated**) sila sa Ka-ugnayan-EAP.

(In verifying the report and evidences, the brothers will coordinate with the help of some trusted and reliable individuals in the area before making the final judgment)

### **Area representatives (core group leaders)**

- Sila ang magsisilbing **direct contact o link** ng mga brothers sa mga area tungkol sa Ka-ugnayan-EAP.
- Sila ang **magbibigay ng impormasyon** sa mga brothers tungkol sa kondisyon ng mga estudyante sa kanilang mga area at grupo sa tulong din ng mga magulang.
- Sa kanila **makikipag-ugnayan ang mga magulang** ng mga estudyante tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kanilang mga anak, ang kalagayan nito sa loob ng bahay at sa komunidad.

- Sila ang **magsasagawa ng pagpupulong** ng mga magulang sa area kasama ang mga brothers.
- Sa tulong din ng mga magulang, sila ay **magbibigay ng ibang mungkahi** tungkol sa mga *maging proyekto ng grupo ng mga magulang* sa kanilang komunidad ayon sa pangangailangan ng kanilang lugar, mga taong magsasagawa nito, kakayahan nilang isagawa ito ayon din sa panahon at pagkakataon at kagamitan.
- Sila ay aatend ng may dedikasyon sa **buwanang meeting** ng mga core group leaders.

### School coordinators

1. Sila ang magsisilbing **contact ng mga brothers sa eskwelahang pinapasukan** ng mga bata at magbibigay ng karampatang impormasyon tungkol sa mga alituntunin o regulasyon na ipinatutupad sa eskwelahan.

### Point of Reference

The brother-in-charge discusses the issues with his group after having been given sufficient information by the core group leaders regarding certain matters or problems with the students and their parents in the area.

BROTHERS

Core group Leaders

Parents